MARCH 1-31, 2014 * 103 E. MENDOZA ST., BUTING, PASIG CITY * VOLUME 2, ISSUE 3



# Tinig

OFFICIAL NEWSLETTER OF SAN GUILLERMO PARISH

**Lent** is sometimes referred to as a pilgrimage or a journey. Very few people set out on any kind of journey without packing a bag. What are the things that we need to include in our Lenten luggage? The list may not be exhaustive, but it is a good start: self-examination and repentance prayer, fasting, and self-denial reading and meditating on God's holy Word.

***HOLINESS OF LIFE IS THE GOAL OF EVERY CHRISTIAN***, but progress towards that goal is a lifelong task, not the accomplishment of a single Lent. Hence, I would suggest three steps to begin this Lenten season:

First, walk the path of conversion. This is the invitation of Pope Francis; start and walk in the ways of the Lord. Am I walking with the Lord? Is my life heading to a life of holiness? Did I go to confession this Lenten season?


Second, emptying of one self. If our life is full of worldly things, there is no space for God. That's why, let us empty ourselves; give space to God so that new life may begin. Do I still have a space for God in my life? Is my life open to the movements of the Holy Spirit? Do I recognize that only God can fill the gap in my life?

Third, be charitable. Charity or Love is sharing with the one we love in all things. What is good to me is also good for others. I want others to experience the love of God to me. Thus, selfishness is against charity. Do I treat others fairly? Am I charitable to my friends or to my enemies? What will I do now to have a meaningful 40 days with the Lord?



Easter season would not be Easter at all if we have not prepared well. Don't just go with the motion of the world, walk in the path of conversion, empty your self for the Lord and be charitable to all people. HAPPY EASTER! GOD BLESS!

Fr. Joeffrey Brian V. Catuiran, Parish Priest






## MARCH NA!!!!!

By: Sis. Rowell Anne Santos

March na! Isa ito sa pinakahihintay na panahon ng mga Grade 6, 4th year high school at 4th year college students. Maraming ga-graduate, pero meron din namang nagkulang sa effort at medyo naiwanan ng mga ka-batch. Hindi kailangang mawalan ng pag -asa dahil meron pang susunod na taon para mag-ulit, ngunit kailangan na nating mag-isip kung paano makatipid at baguhin na ang mga pagkakamaling nagawa. Punan na ang mga pagkukulang. Look back at the reality na mayron tayong magagawa para maimprove at madevelop ang sarili natin: to commence. TO COMMENCE IS TO START A NEW JOURNEY. A NEW JOURNEY OF LIFE FULL OF LAUGHTER, TRIALS AND SACRIFICES. There will be new friends, new challenges, na mahirap man, ngunit nakakaya naman. Ang akala ng iba, kapag sinabing "commencement", ibig sabihin nito ay 'pagtatapos' pero mali iyon. Commencement, according to Merriam-Webster is *"to have or make a beginning"*. Gaya ni Hesus, Siya rin ay nagkaroon ng moment kung saan siya ay nagtapos. Nagtapos, in the sense na natapos ang kanyang misyon dito sa mundong ibabaw. Nang mamatay si Hesus, natapos ang kanyang buhay at marami ang nag-akala na hanggang doon na lang 'yon, lalo na sa mga nagkukulang sa pananampalataya sa kanya. Ngunit ang totoo rito ay hindi natatapos ang Kanyang misyon. His mission is to be continued by US. Tayo ang Kanyang katuwang sa pagpapalaganap ng Gospel. There is a saying for everybody, "If you can imagine it, you can achieve it. If you can dream it, you can become it." Hindi mo kailangang magmataas upang masabing nakatapos ka na. Kundi, kailangan natin ito upang gamitin papunta sa makabubuti. Success consists of going from failure to failure without loss of enthusiasm. And always remember, we learn from failure, not from success.

**OUR PARISH**

**REV. FR. JOEFFREY BRIAN V. CATUIRAN, JCL**
Parish Priest

**SCHEDULE OF MASSES:**

**-San Guillermo Parish**
DAILY MASS (Tagalog):
Mondays—6:00AM
Tuesdays—6:00PM
Wednesdays—6:00AM & 6:00PM
Thursdays—6:00PM
Fridays—6:00AM & 6:00PM
Saturdays—6:00AM & 6:00PM (Anticipated Sunday Mass)

Sunday
Main Parish
6:00AM; 7:15AM (English Mass); 9:00AM;
4:30PM; 6:00PM & 7:30PM

**-Chapels-**
**1) San Joaquin Chapel**
Sundays – 7:30 AM and 6:00 PM
**2) St. Francis of Assisi (Lexington)**
(English) Saturdays – 8:00 PM
(English) Sundays – 10:15 AM
**3) Nuestra Señora de Guia (Ulilang Kawayan)**
Sundays – 4:30 PM
First Friday—7:30PM
**4) San Pedro Calungsod (East Mansion)**
3rd Sunday of the Month – (English) 10:30 AM
**5) Grand Monaco Homes—**
every 3rd Saturday, 7:30 PM

**SERVICES**
**Confession**
Wednesday & Friday—5:30PM
**Baptism**
Sunday—11:30AM
**Wedding**
kindly arrange with the parish office two months before the desired date
**Sick Call**—anytime
**Blessing**—by appointment
**Funeral Mass**—by appointment
**Devotions & Novenas**
Monday—Holy Trinity—5:00PM
Tuesday—San Lorenzo Ruiz—5:00PM
Wednesday—Our Lady of Perpetual Help—5:00PM
Thursday—Ina Poon Bato & San Guillermo de Maleval—5:00PM
Friday—Sacred Heart of Jesus–5:00PM
Holy Hour & Benediction every 1st Friday of the Month—5:00PM
Saturday—Memorial of the Blessed Virgin Mary—6:00AM

**PARISH OFFICE HOURS**
Tuesdays to Sundays
8:00 AM to 5:00 PM



# MUNTING KATESISMO

## MGA DAPAT MALAMAN NG MGA KATOLIKO UKOL SA PAG-AAYUNO AT PANGINGILIN

**(By: Bro. Barry Villanueva)**

### ANO ANG PAG-AAYUNO? PAANO ITO ISINASAGAWA?

Ang **pag-aayuno o "fasting"** ay ang kusang-loob na pag-alis o pagbabawas ng tiyak na dami ng pagkain na ating tinatanggap. Ito ay isang obligasyon tuwing **Miyerkules ng Abo (Ash Wednesday)** at **Biyernes Santo (Good Friday).** Ang mimimum requirement ng Simbahang Katoliko sa Pilipinas para sa pagsasagawa ng pag-aayuno ay inilalarawan sa ibaba:




(image courtesy of 100% Katolikong Pinoy! Online Page [www.facebook.com/katolikongpinoy])

### SINO ANG DAPAT MAGSAGAWA NG PAG-AAYUNO?

Ang mga **able Catholics** mula **labingwalong (18) taong gulang hanggang animnapung (60) taong gulang** ay obligado magsagawa ng pag-aayuno sa mga araw na inilaan ng Simbahan (canon, 1252).

Ang mga maysakit at may mga karamdamang pisikal ay hindi obligadong gumawa ng pag-aayuno. Ipinapayo na sila ay magsagawa ng ibang gawaing banal kapalit nito.

### ANO ANG PANGINGILIN? SINO ANG DAPAT MAGSAGAWA NITO? ANU-ANO ANG MGA MAARI AT DI-MAARING KAININ KAPAG NAGSASAGAWA NG PAGNGINGILIN?

Ang **pangingilin o abstinensya** ay ang pag-iwas sa pagkain ng karne bilang pagpaparangal at pagbibigay halaga sa sakripisyo ni Hesukristo para sa ating kaligtasan. Ang lahat ng mga Katoliko na nakatuntong na sa edad na **labing-apat (14) ay hinihikayat gumawa ng pangingilin sa lahat ng Biyernes ng Taon, maliban sa mga Biyernes na may ipinagdiriwang na Dakilang Kapistahan**. Ipinakikita sa larawan ang mga pagkain na maari at di maaring kainin tuwing nagsasagawa ng abstinensya.




(image courtesy of 100% Katolikong Pinoy! Online Page [www.facebook.com/katolikongpinoy])



# FEATURES

## APOSTOLADO NG PANALANGIN

**By: Sis. Mina Anore**

ANO ANG APOSTOLADO NG PANALANGIN? ( A.P.)

- ay isang banal na pagkakaisa ng mga tapat sa kanilang pang araw-araw na pag-aalay ng sarili. Sila ay nagbubuklod na kaisa ang Eukaristikong sakripisyo at sa mga mahalagang pagkakaisang ito kay Kristo. Sila ay magkakatulong sa pagliligtas ng daigdig.

**MISSION:**

To know, love, adore, serve and proclaim Jesus in His Sacred Heart and the Holy Eucharist.

**5 POINTS OF SPIRITUALITY OF A.P.**

1. Daily offering; 2. Devotion to the Sacred Heart of Jesus; 3. Devotion to the Blessed virgin Mary. (Why Mary? Because she is the mother of God. Mary is Mediatrix of grace. She is also a mother of the church);
4. Pag-iisip na kaisa ng simbahan; 5. Maingat sa panalangin;

**A.P. OFFICERS:**

Coordinator - Nida D. Borca ;Vice coor. - Baby Vergara
Secretary - Janet Escarilla ;Treasurer- Zenaida de la Cruz
P.R.O. - Abon Sta. Ana; Asst. PRO- Gelen Cagalingan





**VISION:**

A community of praying disciples, who follow the way of the heart, who offer their daily lives for the church through the Holy Father's monthly intentions and who make themselves available for any mission



## BIBLIARAL (BIBLE WORDS & MEANING)

**Researcher: Bro. Junie Gulle**

Narito ang mga iba't-ibang salita, katauhan, lugar na mababasa natin sa ating Banal na Bibliya. Nais kong ibahagi ito sa iyo upang madagdagan ang ating kaalaman at lubos nating maintindihan ang mga Salita ng Diyos na ating nababasa. Sa panahon ng Kuwaresma, madalas nating maririnig o mababasa ang mga ito:

***1.Gethsemane*** *is a garden at the foot of the Mount of Olives in Jerusalem most famous as the place where, according to the gospels, Jesus and his disciples are said to have prayed the night before Jesus' crucifixion.*



**2.**Ang **Golgota** o **Kalbaryo** ay ang bundok o pook kung saan ipinako sa krus si Hesus, ang Kristo. Galing ang *Golgota* mula sa wikang Arameo na may ibig sabihing "bungo", na katumbas ng *Calvarium* sa wikang Latin. Pinangalan ang lugar na ito bilang *Golgota* dahil kamukha ito ng isang bungo.

**3.**Si **Poncio Pilato** na kilala sa Ingles bilang **Pontius Pilate**, ang ika-limang prepekto ng probinsiya ng Imperyo Romano na Judaea mula 26–36 CE. Siya ay kilala bilang hukom sa paglilitis ni Hesus at ang taong nagbigay ng autorisasyon upang ipako si Hesus sa krus. Bilang prepekto, siya ay nagsilbi sa ilalim ni Emperador Tiberius.

***4.Caiaphas*** *- the Jewish high priest who is said to have organized the plot to kill Jesus. Caiaphas is also said to have been involved in the Sanhedrin trial of Jesus.*

***5.Scourging at the Pillar****, is a scene from the Passion of Christ very frequently shown in Christian art, in cycles of the Passion or the larger subject of the Life of Christ. It is the fourth station of the modern alternate Stations of the Cross, and a Sorrowful Mystery of the Rosary. The column to which Christ is normally tied, and the rope, scourge, whip or birch are elements in the Arma Christi.*

*(--http://tl.wikipedia.org | --http://en.wikipedia.org)*

# PARISH EVENTS



**SERVANTLEADERSHIP SEMINAR**
**Feb. 22,2014**

"TALIKDAN ANG IYONG KASALANAN AT MANIWALA SA MABUTING BALITA"





Pagpapahid ng abo sa mga mananampalataya bilang pasimula sa 40 araw na pag-aayuno at penitensya, bilang paghahanda sa pagpasok ng kwaresma…..bukas -loob na paglapit at pagsuko ng sarili, pagkilala sa ating kababaan sa harap ng Panginoon.

KUHA NI: MINA M. ANORE



# Parenting

## MANNERS MAKE A MAN (AND A WOMAN)

By: Sis. Mary Ann Ochoa

"Manners make a man" (and may I add, "…A woman…"?). Sa panahong ito, malimit na maririnig sa mga oldies but goodies ang "naku, nung araw, ibang-iba ang kilos namin. Hindi katulad ngayon, parang lahat ay easy-easy lang".

Oo nga naman. Siguro dahil iba ang panahon noon kesa ngayon. Siguro dahil malaki na ang impluwensiya ng kultura ng ibang bansa sa atin. Siguro ang pace ng buhay ngayon ay mas mabilis kesa nung araw. Maraming dahilan. Pero hindi sapat ang kahit anupamang dahilan para malimutan natin ang manners, ang magandang pag-uugali, ang tamang pagkilos.

Di ba kapag maganda ang kilos at pag-uugali ng isang kabataan, ang malimit na comment ay: "Maganda ang pagpapalaki sa batang ito", na ang ibig sabihin ay maganda ang ginawa ng kanyang mga magulang at kasama sa bahay, naturuan ng tama, nabigyan ng magandang example, nasubaybayan at naihubog sa tamang pananaw sa buhay. Anu-ano nga ba ang mga "tamang pagkilos at pag-uugali"?

**Pagsasabi ng "Thank you", "Please", at "Excuse Me".** Ito ang tatlong mahahalagang salita na dapat ay maging bukambibig (habitual) na sabihin ng isang tao, bata man o matanda, sa lahat ng oras na hinihingi ng pagkakataon.

**Ang mga katagang "Po" at "Opo".** Dalawang katagang napakasarap pakinggan, lalung-lalo na kapag mas nakatatanda o dapat igalang ang kausap, regardless of age (kahit mas nakababata ang kausap, pero dapat igalang).

**Pag-alalay sa mga may edad.** Maari itong gawin kapag nakakakita ng tumatawid sa kalsada, umaakyat sa hagdan, nakapila, papa-akyat at papababa sa sasakyan. Mabuti na lamang at ang ating pamahalaan ay nagbibigay ng galang sa ating mga nakatatanda, lalo na sa ating senior citizens.

**Pagmamano o paghalik ng kamay ng magulang o sino mang nakatatanda.** Hindi na daw ito uso, pero ito ay napakahalagang paraan ng pagpapakita ng paggalang at pagmamahal sa ating mga magulang at nakatatandang kasambahay o kamag-anak.

**Pagtayo mula sa pagka-upo kapag may dumating na mahalagang personalidad o mas may edad sa loob ng bahay o silid-pulungan.** Tanda ito ng ating paggalang sa kanila.

**Magalang na pagsasalita at mababang boses kapag nakikipag-kwentuhan.** Hindi kailangang magtaas ng boses kapag normal na kwentuhan lamang. Ang pagbibitiw ng mga di kanais-nais o bastos na salita ay kailangang iwasan sa lahat ng oras.

**Pagbibigay-panahon at oras sa pagsimba.** Ang pagsimba tuwing Linggo at Holidays of Obligation ay isang gawaing dapat ay naka-kalendaryo sa buhay ng isang batang lumalaki at nagkaka-isip na. Bilang magulang, responsibilidad natin ang pagmumulat ng kanilang kaisipan na mahalaga na maglaan tayo ng panahon para sa ating Panginoon. Kasama na rin dito ang pagtuturo ng mga dapat at hindi dapat gawin sa loob ng simbahan, ang tamang pagdadamit, ang tamang paraan ng pagbibigay-galang sa ating Panginoon sa loob ng simbahan. Ang pinakamahusay na paraan ay ang pagbibigay ng tamang examples sa mga bata.

Mahaba ang listahan ng mga do's ang dont's sa pagpapalaki ng anak. Isa lamang ang dapat nating tandaan: ang lahat ng ikinikilos ng ating mga anak ay reflection kung paano natin sila iminulat sa tamang pag-uugali, pagpapakita ng paggalang at pagmamahal sa ating kapwa.

# BUHAY SANTO BUHAY LAYKO

By: Sis. Joezel Polintan


## SAN JOSE

Binibigyang parangal nating mga Katoliko si San San Jose bilang amang sumubaybay at nag-alaga kay Maria at Hesus, mula sa pagpapakita sa kanya ng isang anghel ng Panginoon sa panaginip at sinabihan na huwag siyang matakot na pakasalan si Maria kahit na siya ay nagdadalang tao sapagkat ito ay kaloob ng Espiritu Santo, sa kanilang pagtakas papunta sa Egipto at hanggang sa sila ay tuluyang nanirahan sa Nazareth (Mateo).

Siya ay ang ulo ng Banal na Pamilya na naging isang magandang halimbawa ng pagiging isang tunay na ama ng tahanan. "*His care is unfailing, vital, possessed of parental intimacy; is* second only in influence to the mothering of Mary" (Legion Handbook, pg. 136).

Mayroong 2 kapistahan si San Jose – March 19 – San Jose, Esposo ng Mahal na Birhen at May 1 – bilang San Jose, Manggagawa.

CHOOSE TO BE BRAVE
YEAR OF THE LAITY
Called to be saints. Sent forth as heroes!




HAPPY BIRTHDAY
March 5, 2014
*BARRY J. VILLANUEVA*



# MILESTONES




HAPPY 26TH WEDDING ANNIVERSARY
March 5, 2014
**BOBBY AND BABY LUNA**




HAPPY 30TH WEDDING ANNIVERSARY
March 3, 2014
**LITO AND LENG STA. ANA**



HAPPY GRADUATION
March 22, 2014
Tyler Rogue Lloyd C. Abbu
*The Graduate*

Tinig
OFFICIAL NEWSLETTER OF SAN GUILLERMO PARISH
FOR COMMENTS & SUGGESTIONS
CONTACT US:
103 E. Mendoza St., Buting, Pasig City
Landline: 642-8051
e-mail address: sgp_media@yahoo.com